ANG
Bayan

Ang Bayan

Pebrero 21, 2026 (Pilipino)

Central Committee, Communist Party of the Philippines

2026-02-21

Marcos noon, Marcos ngayon

Marapat na gunitain ng sambayanang Pilipino ang ika-40 anibersaryo ng Pag-aalsang Edsa, ang apat na araw na makasaysayang pagbabangon na nagsilbing huling bigwas ng 14-taon ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino na nagtapos sa korap at pasistang diktadura ni Ferdinand Marcos Sr.

Para palawigin ang pagkakaluklok niya sa Malacañang, ipinataw ni Marcos Sr ang batas militar noong 1972 at ginamit ang militar at pulis para maghasik ng pasistang lagim. Piniringan, binusalan at siniil ang buong bayan, habang nagkamal ng yaman at nagpakasasa sa kapangyarihan ang mga Marcos.

Hindi bababa sa $10 bilyon (o halos ₱600 bilyon) ang kinamkam ng mga Marcos at inilagak sa mga bangko sa ibang bansa, o ipinambili ng mga mansyon, lupain, gusali, dyamante, mga negosyo at iba pang mga pag-aari. Inangkin ng mga Marcos ang negosyo ng kanyang mga karibal, at pinaburan ang kanyang mga kroni at mga tapat na alipures. Nabundat ang mga Marcos habang nasubsob sa paghihirap ang taumbayan.

Sa loob ng 14 na taon, walang-pagod at walang-patid na nakibaka ang

sambayanang Pilipino. Sama-sama silang nagmartsa sa lansangan para magprotesta, at binagtas ang landas ng armadong pakikibaka sa kanayunan. Armado at hindi armado, buong giting silang nagpunyagi at nagsakripisyo para wakasan ang paghahari ng diktadura. Sa garapalang pandaraya ni Marcos sa eleksyong 1986, pumutok ang galit ng buong bayan at bumuhos sa apat na araw na pag-aalsa.

May espesyal na kabuluhan ang paggunita sa Pag-aalsang Edsa ngayong taong 2026. Gugunitain ang pag-aalsang nagpabagsak sa noo'y pasistang diktadurang batbat ng korapsyon, habang nag-uumapaw ang galit ng bayan sa bilyun-bilyong pisong ibinulsa sa mga tiwaling flood control project. Dumaluyong ang mga kilos-protesta simula noong Setyembre 2025. Patuloy na nag-aalab ang galit ng bayan sa korapsyon, at nagbabadyang muling sumambulat sa lansangan.

Gugunitain ngayong taon ang Pag-aalsang Edsa habang lumalakas ang panawagang panagutin hanggang sa tuktok ang lahat ng sangkot sa pangungurakot. Matapos ang apat na dekada, isa na namang Marcos ang nasa sentro ngayon ng galit at protesta ng sambayanang Pilipino.

Matapos ang ilang buwan na pilit pinagtatakpan ang pagka-imbwelto ni Marcos sa kurakot, lumabas na ang mga ebidensya na nagtuturong siya mismo, katuwang ang mga upisyal ng Malacañang at kasapakat ang mga upisyal ng Department of Public Works and Highways (DPWH), ang utak ng malawak na iskema ng kuleksyon ng kikbak sa mga proyektong pang-imprastruktura ng gubyerno.

Ang mga patunay nito, kabilang ang talaan ng natanggap na kikbak na aabot sa ₱8 bilyon na inihatid sa bahay ni Marcos sa Forbes Park, ay pinigilang isiwalat sa publiko sa ginawang pagbasura ng kongreso sa isinampang kasong impeachment laban sa kanya. Kasabwat naman ang Akbayan at ilang pulitikong umaastang anti-korapsyon, pilit na inilalayo ni Marcos ang galit sa kanya ng taumbayan. Ginagamit ang multo ng "pagbabalik ng mga Duterte" para takutin ang mamamayang nagtutulak na panagutin si Marcos.

Ang ibinulsang kikbak ni Marcos sa mga flood control project ay bahagi lamang ng malaking iskema ng mga Marcos para magkamal ng yaman sa poder. Mula nang muling umupo ang mga Marcos sa Malacañang, hindi bababa sa pito na ang kasong katiwalian laban sa kanila ang ibinasura ng mga korte, sangkot ang mahigit ₱3 bilyong nakaw na yaman. Itinulak ni Marcos ang pagsasabatas ng Maharlika Fund para magamit niya ang hanggang ₱75 bilyong pondo ng gubyerno para ipuhunan sa negosyo ng papaburan niyang mga burgesyang komprador.

Magkakaribal man sa pulitika at pandarambong, ang mga burukratang-kapitalista ay magkakapanalig sa kanilang maka-uring interes at nagkakaisa sa pang-aapi sa bayan. Kundi dahil sa protestang bayan, hindi nila papanagutin ang kapwa korap sa takot na sila naman ang panagutin sa hinaharap. Napatalsik man sa poder noong 1986, hindi pinanagot o pinagbayad ang mga Marcos ng anim na sunud-sunod na gubyerno. Hawak pa rin ng mga Marcos ang daan-daan bilyong pisong nakaw na yaman na ginamit sa nagdaang mga taon upang unti-unting makabalik sa poder.

Sa nagdaang mga dekada, higit na sumahol ang pandarambong at pagkakamal ng yaman ng mga upisyal ng gubyerno at ng mga naghaharing uri. Bawat rehimen ay bantog sa kani-kanilang malalaking anomalya—Kamag-anak Inc, PEA-Amari, Hweteng Protection, NBN-ZTE Deal, Pork Barrel King, Pharmally Scandal at iba pa. Habang lumalalim ang kinalulugmukang krisis ng ekonomya, lalo silang naging garapal at walang pakundangan sa pagnanakaw sa pondo ng bayan. Ang malakihang kikbak sa mga proyektong flood control ay sinimulan ni Duterte at pinasahol ni Marcos. Kahit bise presidente lamang, daan-daang milyong piso rin ang kinulimbat ni Sara Duterte, na bantog sa korapsyon, tulad ng ama.

Ang pagbubulsa ni Marcos at kanyang mga kasapakat sa bilyun-bilyong pisong pondo ng bayan ay gumagatong sa nag-aalab na galit ng masa ng sambayanan. Habang nagpapakasasa sa yaman ang mga dayuhang kapitalista at lokal na naghaharing uri, labis ang pagdurusa ng masang anakpawis at maliliit na naghahanapbuhay sa harap ng walang awat na pagtaas ng presyo ng pagkain at mga bilihin, mababang sahod at sweldo, kawalan ng trabaho at kabuhayan, palpak na serbisyo, patuloy na pagwasak sa kalikasan at resulta nitong mga kalamidad. Habang sunud-sunuran sa kapangyarihang ng imperyalismong US, itinutuon ng armadong estado ang pasistang bangis nito laban sa sambayanan.

Gugunitain ng sambayanan ang ika-40 taon ng Pag-aalsang Edsa sa gitna ng lumalakas na panawagan, higit lalo ng mga kabataan, na wakasan ang naghaharing bulok na sistema. Tunay nga na para makamit ang hinahangad ng bayan na tunay na pagbabago, kailangang wakasan ang naghaharing malakolonyal at malapyudal na sistema at ang maka-uring paghahari ng mga burukrata-kapitalista, kasabwat ang mga burges kumprador, malalaking panginoong maylupa, at dayuhang monopolyo kapitalista.

Dapat panghawakan ang mga aral ng kasaysayan upang tanglawan ang landas ng pagsulong ng pakikibaka para sa pambansang demokrasya na may sosyalistang perspektiba. Dapat buklurin ang malawak na pagkakaisa ng sambayanan para isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka, sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Panawagan ng Partido, laluna sa mga

kabataan, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan! Gaano man kahirap at gaano man kalaki ang sakripisyo, patuloy nating isulong ang armadong pakikibaka sa kanayunan, at ipundar ang bagong demokratikong gubyerno ng ating kinabuksan.

Mga detalye ng kikbak ni Marcos, isiniwalat

Isiniwalat ni Rep. Antonio Tinio ng ACT Teachers Partylist ang ilang detalye ng korapsyon na kinasasangkutan ni Ferdinand Marcos Jr kaugnay sa maanomalyang mga proyekto sa flood control. Sa isang talumpati sa Kongreso noong Pebrero 10, sinabi niyang personal niyang nakita ang mga palitan ng mensahe sa pagitan ni Marcos at Adrian Bersamin, dating pinuno ng Presidential Legislative Liaison Office, na umaktong “utusan” ni Marcos sa mga transaksyon. Si Bersamin ay apo sa pamangkin ng dating executive secretary ni Marcos na si Lucas Bersamin.

Naganap ang palitan ng mensahe sa pagitan ng Disyembre 2024 hanggang Hulyo 2025, sa panahong ipinag-utos ni Marcos ang pagsingit ng mga proyektong nagkakahalaga ng ₱100 bilyon sa badyet para sa 2025. Sentral sa palitan ang paghahatid ni Bersamin ng ₱8 bilyong kikbak na napag-alamang ginamit ni Marcos sa eleksyong 2025. Una nang isiniwalat ng dating undersecretary ng Department of Public Works and Highways na si Roberto Bernardo na naghatid siya ng ₱8 bilyon kay Bersamin at noo’y undersecretary sa edukasyon na si Trygve Olivar. Sa mga mensaheng ipinakita kay Tinio, ipinaalam ni Bersamin kay Marcos na “kumpleto na” ang paghahatid ng naturang halaga noong Marso 2025.

Noong Hulyo 2025, ilang araw bago ang state of the nation address (SONA) ni Marcos kung saan kinastigo niya ang mga kongresista sa mga katagang “mahiya naman kayo” kaugnay sa mga proyektong flood control, tumanggap si Marcos ng dagdag na ₱2 bilyong kikbak na inihatid ni Bersamin sa binili ni Marcos na bahay sa Forbes Park.

Ang impormasyong ito ay nagmula kay Rep. Leandro Leviste na una nang nagsiwalat na may hawak siyang mga bidyo at affidavit mula sa mga Bersamin na magpapatotoo sa mga pangyayari. Ibinahagi niya ang mga ebidensyang ito sa mga kinatawan ng Makabayan, Liberal Party at iba pang grupo.

Dahil sa pag-aalangan ni Leviste na isapubliko ang naturang mga bidyo at

mensahe, hindi naisama ang mga ito sa impeachment complaint na inihain laban kay Marcos. Ibinasura na ang naturang reklamo noong Pebrero 10, kung kailan isiniwalat ni Tinio ang mga ebidensyang naipon ni Leviste.

Protesta’t asembliya kontra korapsyon, tuluy-tuloy

SA NAGDAANG MGA linggo, naglunsad ng mga asembliya at protesta kontra korapsyon ang mga progresibong grupo bilang paghahanda sa malaking protesta sa Pebrero 25, ika-40 anibersaryo ng pag-aalsang EDSA. Panawagan sa mga aktibidad na ito ang pagpapanagot sa lahat ng sangkot mula sa tuktok.

Noong Pebrero 14, pinangunahan ng Kilusang Bayan Kontra Kurakot (KBKK) ang asembliya ng mahigit 50 organisasyon sa University of the Philippines-Diliman sa Quezon City. Nagpadala ng mensahe ng pakikiisa sa asembliya si Bishop Gerardo Alminaza, pangulo ng Caritas Philippines at tagapangulo ng Catholic Bishops’ Conference of the Philippines Episcopal Commission on Social Action. Sa araw ding iyon, isang hiwalay na pagtitipon ang inilunsad ng STOP Corruption Alliance sa Davao City.

Dalawang Black Friday Protest, noong Pebrero 13 at 20, ang isinagawa ng mga alyadong organisasyon ng KBKK. Nagkaroon ng mga pagkilos sa apat na syudad sa National Capital Region, Baguio City, Bulacan, Laguna, Cavite, Batangas, Cebu, Iloilo, at sa Tacloban City.

Noong Pebrero 20, pinagbawalan ng mga lokal na upisyal ng Quezon City ang mga progresibong grupo na maglunsad ng rali sa EDSA at manawagan ng pagpapababa kay Marcos sa poder.

Mga protesta

Mindorenyo, kontra dredging. Nagprotesta ang mga residente ng Barangay Iriron, Calintaan, Occidental Mindoro noong Pebrero 6 upang ireklamo ang dredging na isinasagawa sa kanilang barangay nang walang pahintulot. Kinundena nila ang pangwawasak sa baybay ng kanilang barangay ng kumpanyang Ovada Philippines Inc.

Mga maralita sa QC, nagprotesta kontra bantang demolisyon. Sama-samang nagprotesta ang mga residente ng Sityo San Roque ng Barangay Bagong Pag-asa, Quezon City noong Pebrero 10 para tutulan ang bantang demolisyon sa tatlong erya sa naturang sityo. Mahigit 300 pamilya ang mapalalayas para sa planong pagpapalawak ng kalsada patungo sa mall na Vertis North, pag-aari ng mga Ayala.

Pagtakbo ni Sara Duterte sa pagkapangulo, binatikos. Naglunsad ng protesta ang mga progresibong grupo sa Ateneo de Manila University noong Pebrero 19 bilang pagbatikos sa anunsyo ni Sara Duterte noong Pebrero 18 na tatakbo siya sa pagkapangulo. Tinawag ng Bagong Alyansang Makabayan at Koalisyong Makabayan ang deklarasyon bilang kahibangan at desperadong tangka na takasan ang pananagutan sa harap ng mga reklamo ng impeachment.

5 sundalo ng 11th IB, patay sa pagdepensa ng BHB

LIMANG SUNDALO NG 11th IB ang namatay noong Pebrero 15 sa serye ng aktibong pagdepensa ng BHB-Southeast Negros sa Barangay Santo Niño, Tanjay City, Negros Oriental. Sa ulat ng yunit, tatlong labanan ang naganap sa pagitan ng alas-5:30 hanggang alas-7 ng umaga.

Ang yunit ng BHB ay nagsasagawa ng imbestigasyon sa mga problema ng masang magsasaka sa barangay nang sumalakay ang 11th IB.

Pagmimina ng Woggle Corporation, napatigil ng mamamayan

BUNGA NG WALANG tigil na pakikipaglaban ng mamamayan ng Dupax del Norte, Nueva Vizcaya laban sa panghihimasok ng Woggle Corporation sa kanilang komunidad, napilitan ang Mines and Geosciences Bureau na ipag-utos noong Pebrero 5 ang pansamantalang suspensyon ng permit sa eksplorasyon ng kumpanya. Sinabing dahilan nito ang “force majeure” o pangyayaring wala sa kontrol ng may hawak ng permit. Kabilang sa mga pangyayaring ito ang pagtatayo ng barikada, mariing pagtutol at umiiral na tensyon sa pagitan ng mga residente at kumpanya

Sa kabila ng kautusan, ipinagpatuloy pa din ng kumpanya ang eksplorasyon. Noong Pebrero 17, sa tulong ng PNP, inilabas ng kumpanya ang mga makina nito at inihatid sa DENR ang mga mineral sample na nakuha mula sa baryo.

Noong Pebrero 12, nagprotesta ang daan-daang residente, grupong pangkalikasan, taong-simbahan at mga sumusuporta sa laban ng mga taga-Dupax. Isinagawa ang pagkilos sa kapitolyo ng Nueva Vizcaya upang ipanawagan ang agarang kanselasyon sa permit sa eksplorasyon ng kumpanya.

Inilunsad ang pagkilos kasabay ng pagdinig ng pitong tanggol kalikasan na inaresto matapos ang marahas na pagbuwag sa barikada noong Enero 23. Sa pagdinig, bilang makataong konsiderasyon, binawi ng RTC branch 30 ang kautusan nito na pinagpapaliwanag ang pitong residente ng Dupax del Norte kung bakit hindi sila dapat sampahan ng kasong indirect contempt (paglabag sa utos ng korte).

Noong Pebrero 16 itinatag sa UP Diliman ang Defend Nueva Vizcaya Movement. Dumalo dito ang mga lider sa komunidad ng Dupax del Norte, grupong pangkalikasan, mga katutubo, taong simbahan, akademikong institusyon, at mga indibidwal para ipagtanggol ang kalikasan, likas na yaman at karapatan ng mamamayan sa Nueva Vizcaya.

Dinastiyang Romualdez, nasa likod ng pagmimina ng blacksand sa Leyte

Nagpahayag ng pagtutol ang mga residente ng MacArthur, Leyte laban sa pagmimina ng blacksand ng Mac-Arthur Ironsand Project Corporation (MIPC) sa kanilang bayan nitong Pebrero. Nasa likod ng operasyon ang dinastiyang Romualdez na may kontrol rin sa iba pang mapangwasak na pagmimina sa Eastern Visayas.

Ang MIPC ay kontraktor ng Strong Built Mining Development Corporation (SBMDC). Noong 2007, ginawaran ng Mines and Geosciences Bureau-Region 8 ang SBMDC ng 25-taong Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) saklaw ang 7,411 ektaryang lupa sa mga bayan ng Dulag, Mayorga, MacArthur, Javier at Abuyog. Ang SBMDC ay binili noong 2024 ng Bright Kindle Resources & Investments Inc, kumpanyang pagmamay-ari ni Martin Romualdez, pinsan ni Ferdinand Marcos Jr, dating Speaker at kongresista ng unang distrito ng Leyte.

Tutol ang mga residente sa operasyon dahil sisirain ng pagmimina ang mga lupang sakahan at mga sistemang patubig na kritikal sa produksyon ng pagkain. May mga ulat na rin na pinagbabawalan ang ilang magsasaka na makapasok sa sarili nilang lupa. Noong 2022, natulak na ng pagkakaisa ng mga residente ang pansamantalang pagpapatigil sa operasyon ng MIPC-SBMDC.

Bago pa pumasok ang MIPC-SBMDC sa MacArthur, nagmina na ng blacksand ang Nicua Mining Corporation sa bayan. Nilason ng pagmimina ang Lake Bito dahil natipon sa lawa ang langis at iba pang kemikal mula sa minahan. Ilang beses ding namatay ang tone-toneladang isda at iba pang yamang-tubig sa lawa. Noong 2012, nagbarikada ang mga taga-Barangay Villa Imelda at Barangay Liwayway laban sa operasyon.

Protesta laban sa Rice Liberalization Law at pagtaas ng presyo ng langis

NAGPROTESTA ANG MGA grupong magsasaka at manggagawang-bukid sa harap ng Department of Agriculture sa Quezon City bilang paggunita sa ika-7 taong anibersaryo ng pagpasa ng batas para sa liberalisasyon ng importasyon ng bigas noong Pebrero 13.

Mula 2019 hanggang 2026, lumaki ang importasyon ng bigas mula 2.57 milyong tonelada tungong mahigit 5 milyong tonelada. Nagresulta ito sa pagbulusok sa presyo ng palay, mula sa abereyds na ₱20 kada kilo noong 2018 tungong sa ₱14-₱16 kada kilo sa sumunod na mga taon. Nagdulot ito ng pagkalugi ng mga magsasaka, pagbawas o pagtigil sa pagtatanim at higit na pagkabaon sa utang dahil sa gastos sa produksyon at kawalan ng sapat na suporta mula sa estado.

Noong Pebrero 10, nagprotesta sa Quezon City ang mga myembro ng Anakpawis Partylist bilang pagkundena sa walang patid na pagtaas sa presyo ng langis at pakikipagsabwatan ng rehimeng US-Marcos sa kartel ng langis.

Noong Pebrero 17 tumaas ang presyo ng gasolina nang ₱1.20/litro at ₱0.60/litro sa diesel at kerosin. Simula ng taon, netong tumaas na ang presyo ng gasolina nang ₱4.20/litro, diesel nang ₱7/litro at ang kerosin nang ₱5/litro.

Samantala, nag-ulat ang Petron na lumaki ang kita nito nang 37% o ₱9.7 bilyon noong Nobyembre 2025. Habang tumatabo ng bilyun-bilyon ang mga kumpanya ng langis, patung-patong naman ang pagpapahirap sa masang anakpawis.

Mga agresibong maniobrang nabal, tuluy-tuloy na isinasagawa ng US sa karagatan ng Pilipinas



Sa gitna ng pagbatikos sa China ng mga upisyal ng Philippine Coast Guard, Armed Forces of the Philippines (AFP), at mga maka-US na senador, sa pakitang-taong pagtaguyod ng soberanya ng Pilipinas, walang patid ang agresibo at interbensyunistang mga maniobrang militar at nabal ng US sa West Philippine Sea (WPS). Lalong pinalalaki ng mga maniobrang ito ang posibilidad ng pagsiklab ng armadong sagupaan sa pagitan ng US at ng China, at pagkaladkad sa Pilipinas sa inter-imperyalistang gera.

Simula pa lamang ng taon, inianunsyo na ng AFP ang paglulunsad ng US ng samutsaring aktibidad sa WPS mula Enero 15 hanggang Marso 31. Noong

Pebrero 2-6, nagsagawa ang US ng Bilateral Bomber Air Patrol saklaw ang Scarborough Shoal (Bajo de Masinloc) hanggang sa Luzon Strait. Noong Pebrero 13, dumaong ang barkong pandigma ng Australia sa Subic Bay sa Zambales matapos “lumayag” at nanghimasok sa sigalot sa Kalayaan Island Group noong Pebrero 9-10. Kasama ang US at Japan, nakibahagi ito sa mapanganib na mga maniobra sa WPS sa ilalim ng ika-14 na Multilateral Maritime Cooperative Activity.

Samantala, bwelado na ang paghahanda para sa panibago na namang mapangwasak na war games na Salaknib at Balikatan (Sabak) na nakatakda mula Abril hanggang Hunyo. Mula Enero, naging masinsin ang paglabas-masok sa Pilipinas ng matataas na upisyal militar ng US, Japan at Australia para sa paghahanda sa mga aktibidad na ito.

500 + aktibidad militar

Ang nabanggit na mga war games ay bahagi ng higit 500 interbensyunistang aktibidad na nakatakdang ilunsad ng US sa Pilipinas ngayong taon. Hindi kasali sa bilang na ito ang mga unilateral (hindi kasama ang AFP) na war games na isasagawa ng US sa teritoryo ng bansa. Hindi rin kabilang dito ang mga war games na ipatatawag ng Australia at Japan.

Para bigyan-katwiran ang mas madalas at malaking mga war games ngayong taon, sinasabi ng US na kritikal diumano ang taong 2026 dahil may balak ang China na gumamit ng dahas para muling ipailalim sa pamamahala nito ang Taiwan simula 2027. Sa kabila ito ng palagiang sinasabi ng China na anumang “reunipikasyon” sa Taiwan ay isasagawa sa mapayapang paraan.

Inaprubahan ang listahan ng mga war games noon pang Agosto 2025 sa taunang pulong ng Mutual Defense Board-Security Engagement Board. Muli itong pinagtibay nitong Pebrero 16 sa ika-12 Philippines-US Bilateral Strategic Dialogue kung saan inianunsyo ng US na magtatambak ito ng dagdag na mga drones at misayl laban sa China sa bansa. Sa gayon, ang mga maniobra ng US sa WPS ay hindi “reaksyon” sa presensya ng China, kundi kalkuladong mga aksyon para painitin ang rehiyon.

Panlolokong “transparency”

Habang sinasabing “transparency” o pagbubunyag ng sitwasyon sa WPS ang ginagawang paglalantad sa “panghihimasok” ng China sa WPS, sadya namang tinatabunan ng AFP at mga sugo ng US ang maramihang presensya at panghihimasok ng mga tropang Amerikano sa mga usapin sa Pilipinas, at pag-angkin ng mga ito sa mga estratehikong lokasyon sa bansa.

Nito lamang Pebrero, isinapubliko ng US ang pagbubuo noong Hulyo 2025

ng Army Rotational Force-Philippines. Kasabay ang operasyon nito sa Littoral Rotational Force-Luzon, isang yunit ng US Marine Corps na nakabase pangunahin sa dulong hilagang bahagi ng Luzon. Noong Oktubre 2025, ipinailalim ang mga yunit na ito sa Task Force Philippines, isang kumand ng US na binuo matapos tanggihan ng maraming bansa sa Southeast Asia ang tulak ng US na magbuo ng pormal na kasunduang paniktik laban sa China. Salit-salitan ang mga tropang Amerikano sa pormasyong ito na permanente nang nakabase sa bansa.

Dagdag sa mga barkong pandigma, namamalagi sa South China Sea at sa mga dagat ng Pilipinas (WPS at inter-isla) ang mga barko ng US na pang-sarbey ng karagatan at pang-sarbeylans sa mga barkong Chinese. Ang mga barkong ito ay tinatauhan ng mga “sibilyang marino” na nakapailalim sa US Military Sealift Command.

Lampas-lampas ang presensya ng mga ito sa isinapublikong siyam na “pinagkasunduang lokasyon” sa ilalim ng EDCA. Binibigyan ang mga tropang Amerikano na ito ng ekstra-teritoryal na mga karapatan at proteksyon. Ligtas sila sa mga lokal na batas at hindi sila basta-bastang mapananagot sa anumang krimeng maaari nilang magawa.

Kampanyang pagpaparehistro ng indibidwal na prangkisa ng dyip, inilalarga sa buong bansa

Sa halos isang dekada ng huwad na programang modernisasyon sa transportasyon, lalong lumala ang kalagayan ng mga drayber at komyuter sa bansa. Sa ilalim ng Public Transport Modernization Program (PTMP), dating Public Utility Vehicle Modernization Program o “jeepney phaseout,” mahigit 180,000 dyip ang tinanggal sa lansangan at humigit-kumulang 500,000 tsuper at opereytor ang nawalan ng kabuhayan. Milyun-milyong komyuter ang naperwisyo at nagdusa sa mas matataas na pamasahe at kakulangan ng masasakyan.

Sa harap nito, sunud-sunod na nagsagawa ang grupong Piston ng mass filing o sabay-sabay na pagsusumite ng mga dokumento sa LTFRB para ibalik ang indibidwal na prangkisa ng mga tradisyunal na dyip. Ginamit nila ang pagbibigay ng ahensya ng individual provisional authority (IPA) o pansamantalang prangkisa na unang ibinukas noong 2021 para agapan ang kasalatan ng mga pampublikong sasakyan sa maraming ruta. Bagamat probisyunal, itinuturing ito ng Piston na malaking hakbang tungo sa pagbabalik ng 5-taong indibidwal na prangkisa. Kasabay nito, nanawagan ang Piston para sa “mass withdrawal” o pagbabaklas ng mga drayber at opereytor mula sa mga konsolidadong prangkisa.

Nanindigan ang grupo na ang konsolidasyon ng prangkisa ay “monopolyo, pang-aagaw at pangwawasak” sa kabuhayan ng mga indibidwal na tsuper at opereytor. Patunay dito ang maramihang pagsasara ng mga kooperatiba dahil sa pagkabaon sa utang at maagang pagkasira ng mga “modernong sasakyan.”

Sa Albay, ibinahagi ng Condor-Piston ang sistema ng korapsyon kung saan kumikita ng ₱100,000-₱200,000 na komisyon ang mga tagapangulo ng mga huwad na kooperatiba sa kada biniling “modernong” sasakyan. Ang tagapangulo ang nangutang sa bangko, pero ang mga myembro ng “kooperatiba” ang nagbabayad dito. Pinahihintulutan ng rehimeng Marcos at mga ahensya nito ang ganitong kalakaran.

Sa Baguio City, baon sa utang ang mga tsuper na pinilit bumili ng mga imported na sasakyan sa halagang ₱3.3 milyon kada isa, at pinahuhulugan ng ₱33,000 kada buwan. Ayon sa Piston-Metro Baguio, sentensyang kamatayan ito sa kabuhayan ng maliliit na opereytor, at pagpabor sa dayuhang mga suplayer at malalaking korporasyon. Dahil sa matataas na bayarin, posibleng tumaas ang pamasahe nang hanggang ₱50 kada byahe.

Pambansang laban

Sa National Capital Region, Cordillera, Panay at Bicol, marami nang tsuper at opereytor ang nagsagawa at handang magsagawa ng mass filing para kumuha ng probisyunal na indibidwal na awtoridad at rehistro.

Sa Metro Baguio, sama-samang nanindigan ang mga tsuper at opereytor para ilantad ang korapsyon sa mga kooperatiba, korporasyon at samahan. Ibinunyag nila ang mga katiwalian sa mga ito tulad ng kawalan ng tunay na eleksyon ng mga pinuno, sobra-sobrang butaw sa pagpapasapi at iba pang bayarin, labis na kontrol ng nasa pamunuan, at kawalan ng dibidendo o tamang hatian sa kita. Nariyan din ang kawalan ng transparency at ang maanomalyang paghawak ng pera na nagreresulta sa pagkakautang at paghihirap ng mga tsuper at opereytor.

Sa Iloilo at Guimaras, sabay-sabay na naghain ng mga dokumento para sa pansamantalng prangkisa ang mga tsuper noong Pebrero 12. Panawagan din nila ang pagbabasura sa hindi demokratiko, makanegosyo, at mapangwasak na Local Public Transport Route Plan ng Iloilo City at Provincial Public Transport Route Plan ng Iloilo Province. Bago nito, nagtipon ang mahigit 30 samahan, kapwa konsolidado at di konsolidado, sa ilalim ng No To PUV Phaseout Coaliton Iloilo at Guimaras noong Enero 31. Isang protesta rin ang isinagawa ng mga konsyumer at pasahero sa Iloilo City noong Pebrero 16 dahil sa kakulangan ng masasakyan.

Sa Albay at Sorsogon, nagtipon ang mga myembro ng Condor-Piston Bicol noong Pebrero 8 para itakda ang mass filing ng mga drayber at opereytor mula sa iba't ibang distrito ng Albay. Dumalo rin ang mga tsuper mula sa Sorsogon na nagbahagi ng dagdag nilang problema kaugnay sa maanomalyang Local Public Transport Route Plan. Anila, hindi ibinukas sa konsultasyon ang bagong mga ruta at batbat ng korapsyon ang proseso.

Paliwanag ng Piston, ang pagtulak nila ng laban para sa probisyunal na awtoridad at rehistro ay nakabatay sa laban para ibalik ang karapatan sa indibidwal na prangkisa. Ang pagpaparehistro ng mga indibidwal na tsuper at opereytor ay paggigiit nila sa estado sa kanilang karapatan sa kabuhayan at disenteng pamumuhay.

Kasunduan para sa kritikal na mineral

Panibagong antas ng pandarambong ng imperyalismong US sa Pilipinas

Noong Pebrero 4, pumirma sa kasunduan ang gubyerno ng Pilipinas at US para sa “pagpapaunlad ng kooperasyon” sa pagmimina ng mga kritikal na mineral at rare earth sa bansa. Binuo ang kasunduan habang nasa pulong na 2026 Critical Mineral Ministerial na ginanap sa Washington. Maliban sa Pilipinas, bumuo ng parehong bilateral na kasunduan ang US sa 10 pang bansa. Layon diumano ng kasunduan na maisagawa ang “pagproseso” sa bansa ng gayong mga inieeksport na mineral, partikular ang nickel, cobalt at graphite, alinsunod sa papabilis na tyempo ng produksyon ng mga kalakal na nangangailangan nito.

Ang kritikal na mineral at mga rare earth element ay mahahalagang sangkap para sa paggawa ng mga de-kuryenteng sasakyan, renewable energy,

elektroniks, at abanteng teknolohiya. Sa kasalukuyan, ang bansang China ang may kontrol sa 70% ng rare earth mineral sa mundo, at nagpoproseso ng 90% ng suplay ng kritikal na mineral sa mundo.

Ang binuong mga bilateral na kasunduan ay bahagi ng Critical Mineral Security Program ng gubyerno ng US na naglalayong paunlarin ang kapasidad ng US sa produksyon at paproseso ng mga kritikal na mineral habang bumubuo ng bagong alyansang heyopulitikal sa mga bansang nagtataglay ng mayaman sa rekurso. Estratehikong layunin ng imperyalismong US ang mapanatili ang dominanteng posisyon nito sa daigdig laban sa China. Markado na higit na agresibo ngayon ang US upang tiyakin ang kontrol at akses sa mahahalagang rekurso sa buong mundo. Itinituring ng US ang kritikal na mineral bilang usapin ng pambansang seguridad at itinatrato itong kahalintulad sa langis noong nagdaang siglo.

Ang kasunduan ay bahagi din ng programa ng rehimeng Marcos na naglalayong bilisan ang pagdami ng malakihang pagmimina sa bansa sa pamamagitan ng paghikayat ng dayuhang mamumuhunan at pagpakete sa pagmimina bilang “transisyon tungo sa malinis na enerhiya.” Pinabilis at ginawang simple ang pagproseso sa mga aplikasyon sa pagmimina, na sang-ayon din sa adyenda ng US.

Luzon Economic Corridor

Unang pumasok sa kasunduan ang gubyerno ng Pilipinas para sa pagmimina ng kritikal na mineral noong Abril 2024 sa ilalim ng Luzon Economic Corridor (LEC), programa sa ekonomya sa pagitan ng US, Japan at Pilipinas. Layon ng LEC na pabilisin ang koordinasyon sa pamumuhunan sa malalaking proyekto tulad ng riles, modernisasyon ng mga pantalan, “malinis na enerhiya,” at daloy ng suplay para sa semikonduktor at agrikultura. Itinuturing itong pantapat ng imperyalismong US sa Belt and Road Initiative at Maritime Silk Road ng China.

Nagbibigay daan din ang LEC para sa mga kumpanyang Amerikano na malayang makapagmina, magproseso at magluwas ng kritikal na mineral. Pinangangalagaan din nito ang daloy ng suplay ng US mula sa panghihimasok ng China at ibang bansa sa pamamagitan ng pagpapalawak ng pinagkukunan nito ng suplay, at mga dadaanan nitong ruta.

Maliban sa pang-ekonomyang aspeto ng LEC, magsisilbi din itong karugtong ng EDCA. Bahagi ang LEC sa plano ng US na gawing sentro ang Luzon para sa mga operasyon militar nito, na labag sa soberanya ng bansa.

Epekto sa mamamayan

Ang bagong nilagdaang kasunduan ay hudyat ng panibagong bugso ng imperyalistang pandarambong sa likas na yaman ng bansa kapalit ng pambansang industralisasyon, kalikasan, at mga karapatan ng mga lokal na komunidad.

Ang Pilipinas ang ikalawa sa pinakamalaking prodyuser ng nickel, ang pangunahing kritikal na mineral na ineeksport ng bansa. May reserbang deposito ang bansa na 4.8 milyon metrikong tonelada at nagkakahalaga ng $170 bilyon. Pangunahing nakukuha ito sa Zambales, Surigao del Norte at Sur, Dinagat at Palawan.

Karaniwang paraan ng pagmimina ng nickel ay open-pit, isa sa pinakamapanirang anyo ng pagmimina. Ang ganitong proseso ng pagmimina ay nagdudulot ng pagguho ng lupa, at pagkalason ng hangin, lupa, ilog, karagatan, at pinagkukunan ng inuming tubig.

Kapag maipatupad ang kasunduan, tiyak na dadami ang operasyon ng mapanirang pagmimina sa bansa. Magreresulta ito sa higit na pagkawasak sa kalikasan, pagkalat ng nakalalasong basura, pagpapalit-gamit ng mga lupang pang-agrikultura at pagpapalayas, pagsidhi ng militarisasyon, at pagdami ng kasong pagpaslang sa mga magsasaka at katutubo, at pagdami ng paglabag sa karapatang-tao, para lamang sa interes sa ekonomya, militar at heyopulitika ng imperyalismong US.

Mag-asawang traydor sa Camarines Norte, kinundena ng BHB

MAHIGPIT NA KINUNDENA ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Camarines Norte ang pagsuko, sukdulang pagkakanulo at pagtataksil sa masa nina Marlon Asis (alyas Pots) at Julie Grace Lola (alyas Haraly). Ang dalawa ay iniharap ng 42nd IB sa publiko bilang mga “surenderi” noong Pebrero 4 sa hedkwarters ng batalyon sa Labo, Camarines Norte.

Sa pahayag ng 42nd IB, sinabi nitong nagsuko ang mag-asawa ng .30 kalibre at 60 kalibreng masinggan, mga bala, pampasabog, at iba pang kagamitang pandigma. “Nagtraydor sila sa masang magsasaka at uring anakpawis sa lalawigan kapalit ng makasarili nilang interes,” pahayag ng BHB-Camarines Norte. Liban sa pagsuko ng armas, nangalap at nagpasa ang mag-asawa ng impormasyon na nagresulta sa magkakasunod na labanan na ikinapinsala ng BHB at mga sibilyan. Nagtangay din ang dalawa ng pondo ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Nagbabala ang BHB-Camarines Norte sa mamamayan ng prubinsya at rehiyon na magbantay laban sa paghahasik ng itim na propaganda at kasinungalingan ng mag-asawa. Inideklara ang dalawa na “persona non grata” sa mga larangang gerilya at saklaw ng rebolusyonaryong kilusan sa Camarines Norte.

Kampanya kontra traydor. Inilunsad ng rebolusyonaryong kilusan sa Southern Tagalog ang isang kampanya ng paglalantad at pagbatikos sa mga kontra-rebolusyonaryong taksil nitong Pebrero. Naglabas ang BHB at National Democratic Front sa rehiyon ng mga poster na may larawan ng mga traydor na pinaka-notoryus sa pagpapagamit sa Armed Forces of the Philippines at rehimeng US-Marcos. Anila, dapat kundenahin ang mga ito sa pagsisilbing instrumento sa Red-tagging at pananakot sa mamamayan. Nanawagan silang malawakang ipalaganap sa buong rehiyon ang mga poster.

Mga paglabag sa karapatang-tao, naitala sa iba’t ibang panig ng bansa

Naitala sa iba’t ibang panig ng bansa ang mga kaso ng pagdukot, Red-tagging, panggigipit, at pagsampa ng gawa-gawang kaso laban sa mga magsasaka, manggagawa at tagapagtaguyod ng karapatang-tao.

Pagdukot. Dinukot ng mga elemento ng 47th IB si Lolly Alperto, 60-anyos, magsasaka, habang namimitas ng kape malapit sa kanyang bahay sa Sityo Agpapataw, Barangay Binobohan, Guihulngan, Negros Oriental noong Enero 31. Naiulat na pinaulanan ng bala ng mga sundalo si Alperto at tinatayang nasugatan bago siya dinukot. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya natutunton ng kanyang pamilya.

Pagdakip at pagsampa ng kaso. Dinakip ng mga gwardya at ng PNP-Cabuyao ang 21 magsasaka na naglulunsad ng kampuhan sa Sityo Veinte-Veinte Cuatro, Barangay Casile, Cabuyao, Laguna noong Pebrero 7. Tinututulan ng mga magsasaska ang pang-aagaw sa kanilang lupa ng Laguna Estates Development Corporation, pag-aari ng pamilyang Yulo. Kinasuhan sila ng “trespassing” ngunit agad ding ibinasura ng piskalya. Inaangkin ng kumpanya ang 24-ektaryang lupa sa barangay.

Sa Bulacan, inaresto ng mga elemento ng PNP-San Jose Del Monte (SJDM) si Engineer Even Calajate noong Pebrero 11, isa sa testigo laban sa kumpanyang Primewater. Inaakusahan siya ng perjury (pagsisinungaling sa isang sinumpaang salaysay) ng limang suporter ni Rida Robes, meyor ng SJDM. Ang kaso ay kaugnay sa kanyang naging testimonya sa Senado noong Nobyembre 2025 nang maglunsad ito ng pampublikong imbestigasyon hinggil sa palpak na serbisyo ng Primewater.

Panggigipit. Dalawang lalaking nakasibilyan na nagpakilalang mga sundalo ang pumunta sa bahay ni Eduardo Capuyan, retiradong organisador ng mga manggagawa sa Southern Mindanao Region noong Pebrero 10. Ininteroga siya kaugnay sa ilang mga indibidwal na hinahanap ng militar.

Sa Caloocan City, sapilitang pinasok at ninakawan ang upisina ng Gabriela-Caloocan noong Pebrero 17. Tinangay ng mga ito ang projector, mga polyeto na gagamitin sa anibersaryo ng EDSA sa Pebrero 25, at iba pa. Niransak ng mga salarin ang upisina. Unang pinasok at pinailalim sa sarbeylans ang upisina ng grupo ng mga nagpakilalang pulis noong Oktubre 28, 2025.

Red-tagging. Sa Albay, mula Pebrero 8 ay napansin ang pagkalat ng mga poster ng NTF-Elcac kung saan ni-Red-tag ang mga progresibong lider at grupong Bicolano sa palibot at loob ng mga unibersidad at eskwelahan. Kabilang sa biktima si Julius Espadero, bise presidente ng ACT Bicol Union.

2 dekadang pagpapahirap ng 12% VAT sa masang Pilipino

Dalawang dekada nang pinapasan ng masang Pilipino ang 12% value-added tax (VAT) mula nang sinimulan itong ipataw ng reaksyunaryong gubyerno noong Pebrero 2006. Mula 10%, itinaas sa 12% ang VAT at pinasaklaw sa halos 90% ng mga produkto at serbisyo. Ito ang pinakamataas na tantos ng VAT sa buong Southeast Asia.

Ang VAT ay kinakaltas ng gubyerno tuwing bumibili ang karaniwang Pilipino ng produktong pagkain (naprosesong karne, delatang isda, mantika, gatas, kape, asukal, nudels, atbp.), mga damit at sapatos, gamot, kasangkapan sa bahay, at gamit pang-konstruksyon at sa mga serbisyo tulad ng kuryente, tubig, at telekomunikasyon sa bansa. Kinukulekta ito ng Bureau of Internal Revenue (BIR). Nagpapataw rin ng VAT sa mga produktong ini-import na kinukolekta naman ng Bureau of Customs (BOC).

Kasaysayan ng VAT

Unang itinulak ng International Monetary Fund (IMF) noong 1984 ang pagpapatupad ng mga reporma sa pagbubuwis sa Pilipinas. Apat na taon makalipas, ipinataw ng rehimeng US-Aquino I ang 10% VAT sa bisa ng Executive Order No. 273. Sinaklaw ng pagbubuwis ang maraming produkto sa bansa maliban sa mga produktong pang-eksport.

Pinalawak sa unang pagkakataon ang saklaw ng VAT noong Mayo 1994 nang ipinasa ng kongreso ng rehimeng US-Ramos ang Republic Act (RA) No. 7716 o Expanded VAT (EVAT). Ang EVAT ay isa sa mga kundisyong inilatag ng IMF para pautangin ang gubyerno ng $650-milyon noong Hunyo 1994. Sinaklaw nito ang dagdag na mga produkto at serbisyo para patawan ng VAT kabilang ang mga pestidisyo at serbisyo sa telekomunikasyon at pagbyahe sa eroplano at barko. Dahil sa pagkwestyon sa ligalidad ng batas, naantala ng dalawang taon ang pagpapatupad nito.

Noong Pebrero 2006, upisyal na itinaas ng rehimeng US-Arroyo ang 10% VAT tungong 12% VAT alinsunod sa pagsasabatas ng kongreso sa RA 9337 o Reformed VAT noong Mayo 2005. Sa sumunod na mga amyenda sa VAT, nanatili ito sa napakataas na 12% at pinasaklaw ito sa ilalim ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law (2018) at Digital VAT (2024).

VAT, saan napupunta?

Sa datos ng BIR, ang VAT ay ikalawa sa pinakamalaking nakukulektang buwis ng ahensya (25% ng kabuuang nakukulektang buwis) kada taon. Noong 1988, nang ipinatupad ang 10% VAT ay nakulekta ng BIR ang ₱7.15 bilyon. Nang pinasaklaw ito noong 1996, lumaki ang nakulektang VAT tungong ₱40.93 bilyon mula ₱29.57 bilyon noong 1995. Nang itinaas tungong 12% noong 2006, nakakulekta ang gubyerno ng ₱140.93 bilyon mula sa ₱87.86 bilyon noong 2005.

Mula Enero hanggang Agosto noong 2025, kumita ang gubyerno mula sa VAT ng ₱487 bilyon habang naitala ng BIR ang isa sa pinakamataas na nakulektang VAT noong 2024 na umabot ng ₱643.85 bilyon. Mula 1988, tinatayang aabot sa ₱7.29 trilyon ang kabuuang nakulekta ng BIR sa VAT. Hindi pa kasama dito ang nakulekta ng BOC sa VAT sa mga imported na produkto.

Ang VAT, tulad ng iba pang nakukulektang buwis, ay pumopondo sa operasyon ng reaksyunaryong gubyerno. Dito nagmumula ang pambayad sa lalo pang lumulobong dayuhang utang, maling prayoridad sa militar at depensa at mga proyektong imprastruktura, at para sa kikbak at kurakot ng mga burukratang-kapitalista.

Direkta sa bulsa

Sa kamakailang pagkakalantad ng sistemikong korapsyon ng rehimeng Marcos, nagiging dobleng pasanin ang pagbabayad ng VAT. Dama ni Anna, 43-taong gulang na ina ng tatlo sa Pasig City, ang paghihirap na ito. Sa kanyang binayarang bill sa kuryente (₱4,994.47), tubig (₱1,095.8) at internet (₱2,400) noong Enero, tinatayang ₱1,000 ang nakukulimbat ng estado sa anyo ng VAT. Dadagdag pa rito ang gastos nila sa pagkain, sa LPG, sa eskwelahan, at sa renta, na pawang may nakapatong ding VAT.

“Lahat ng kanilang nakukuha ay direktang ibinubulsa lamang at ginagamit sa pansariling interes kaya ang mga Pilipino ay patuloy pa rin naghihirap kahit pa sila ay kumayod nang kumayod,” ayon kay Anna. Kaisa siya ng malawak na panawagan ng pagpapanagot sa lahat ng sangkot at umaasang maibabalik sa taumbayan ang kanilang pera.

Noong Pebrero 13 at 20, nagsagawa ng protesta ang grupo ng kababaihan na Gabriela sa Commonwealth Market sa Quezon City para ipanawagan: “VAT tanggalin, kurakot panagutin!” Pagsisimula ito ng kanilang kampanya para ipabasura ang VAT na magiging sentrong kampanya ng grupo hanggang sa Pandaigdigang araw ng kababaihang manggagawa. Kaugnay nito, itinutulak sa kongreso ng Makabayan Bloc ang Presyo Ibaba Bill na magtatangal sa 12% VAT.

Sa madaling salita

abereyds na minimum na sahod sa buong bansa, na 40% lamang ng ₱1,253 na nakabubuhay na sahod noong Enero. Kulang na kulang ito kahit ang nakatakdang pinakamataas sa National Capital Region (₱695/araw). Mas masahol pa sa ibang rehiyon, na nasa ₱435 hanggang ₱550 lamang.

8 CO-PERPETRATOR

ni **Rodrigo Duterte** sa kasong mga krimen laban sa sangkatauhan sa kanyang **huwad na gera kontra-droga** ang pinangalanan ng ICC. Lahat nakasama ni Duterte mula nang siya'y meyor ng Davao City liban kay Vitaliano Aguirre II.

Ronald "Bato" Dela Rosa
Senador at dating hepe ng PNP

Christopher "Bong" Go
Senador at dating Presidential Aide

Oscar Albayalde
Dating hepe ng PNP

Camilo Cascolan
Dating chief of staff ng PNP

Vicente Danao
Dating Manila Police District Director

Dante Gierran
Dating NBI Director

Isidro Lapeña
Dating hepe ng PDEA

Vitaliano Aguirre II
Dating kalihim ng DOJ

na mula nang dukutin at sapilitang winala si **Ariel Badiang**, konsultant sa kapayapaan ng NDF para sa Southern Mindanao Region. Dinukot siya ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines-Eastern Mindanao Command sa Manolo Fortich, Bukidnon noong Pebrero 6, 2023.

itinaas ng badyet para sa imprastruktura sa edukasyon sa 2026 badyet matapos ilipat ng rehimeng Marcos ang "allocables" para sa paggawa ng mga klasrum mula sa DPWH tungong DepEd. **Gayunpaman, makapagtatayo lamang ang pondo ng 24,527 klasrum, malayo sa 165,443 kabuuang kakulangan.**

300 MILYON

manggagawa, magsasaka, estudyante, propesyunal at maliliit na negosyante ang lumahok sa **pambansang welga sa India** noong Pebrero 12 para sa kanilang mga karapatan at para kundenahin ang mga patakaran ng ultra-kanang gubyerno sa kanilang bansa.



7 TANKER O BARKONG NAGDADALA NG LANGIS mula sa Venezuela ang iligal na pinahinto at inagaw ng US sa mga karagatang internasyunal mula Disyembre 2025. Dalawa sa mga ito ay patungong Cuba.

45,472
metriko tonelada

ang abereyds na ibinagsak ng taunang lokal na produksyon ng isda. Mula 2.6 milyong MT noong 2010, bumagsak ang huli tungong 1.9 milyong MT na lamang noong 2023.

Dulot ito ng palpak na tugon ng estado sa mga kalamidad, pagtutuloy-tuloy ng mga proyekto na mapangwasak sa mga pangisdaan at ekosistemant marino, at pagpapahintulot ng komersyal na operasyon sa *municipal waters*.

Pinagkunan: *Oceana Philippines*